



## Check sheet sa pagtuklas ng mga signs ng bullying (para sa magulang)



**Sa pang-araw-araw na pamumuhay, pakiramdaman kung may kakaibang kinikilos at kakaibang saloobin ang inyong anak.**

※Lagyan ng check  kung may naangkop sa mga sumusunod sa inyong anak.

### ○Ang inyo bang anak ay nagiging biktima ng (bullying) ?

- umaga  mahirap gisingin sa umaga. Ayaw tumayo sa highaan.  
(bago pumasok)  kada umaga nagsasabi ng 「masama ang pakiramdam」 at ayaw pumasok sa school  
 kapag nakatawag na hindi papasok, biglang magiging maayos at parang nakahinga ng maluwa  
 dumadami ang pagiging late at pag-uwi ng maaga  
 nawawalan ng ganang kumain at kumakain ng hindi nagsasalita
- hapon)  hindi nag-aaral at hindi makapag concentrate  
(pagkagaling sa school)  naglalabas ng pera galing sa bahay at humihingi ng pera na labis sa kailangan  
 pinagtatawanan, naloloko at inuutusan habang naglalaro  
 hindi nakikipaglaro ang malalapit na kaibigan at hindi rin umaalis upang makipaglaro  
 nabago ang pakikipagkaibigan  
 natatakot sa tunog ng telepono at email
- gabi  madilim ang ekspresyon ng mukha at hindi na masyado nakikipag-usap sa pamilya  
(bago matulog)  nagiging paladabog sa pamilya at nagigig bastos ang pananalita  
 madaling magalit sa malilit na bagay at nagdadabog  
 nabawasan ang mga kuwento tungkol sa school at kaibigan  
 dumadami ang oras na ginugugol sa loob ng sariling kuwarto  
 mayroong mga pasa at sugat na hindi masabi ang dahilan.  
 nagagalit kapag hinawakan ang sariling mga gamit  
 laging napapansin ang smart phone o PC (kasama na din ang online game)
- hating gabi  hindi makatulog at may sunod-sunod na araw na hindi makatulog  
(pagkatapos matulog)  nawawala at nasisira ang mga gamit sa school  
 may mga gure at punit sa mga textbooks at notebook  
 may mga dumi at sira sa damit  
 kung titingnan ang smart phone at online game, may mga masasamang salita at mga naburang ebidensya

### ○Hindi ba nangbu-bully ang inyong anak (perpetrator) ?

- \* Ang mga sumusunod ay mga signs ng pagiging perpetrator.
- bastos ang pananalita, hindi marunong makinig at ginagawang katawa-tawa ang kapwa  
 nabago ang pakikipagkaibigan  
 nagkakaroon ng mga gamit na hindi naman binili  
 may mga gamit na hindi kayang bilhin sa ibinibigay na pera o baon.
- ※Ginamit na references para sa check sheet items ang 「いじめのサイン発見シート」 ng Public Relations ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology

Para sa mga magulang,

Toyota City Higashiyama Elementary School

Principal Kimitoshi Fujitani

Check sheet sa pagtuklas ng mga signs ng bullying (para sa magulang)

Maraming salamat po sa inyong pang-araw-araw na pang-unawa at kooperasyon sa mga aktibidad ng ating paaralan.

Gumawa ng check sheet sa pagtuklas ng mga signs ng bullying na nasa likod na pahina at ginamit na reference ang check sheet na nanggaling sa public relations ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology. May mga bata na nabibiktima ng bullying na hindi nakakapagkunsulta sa kahit kanino. Kahit hindi ito deretsong masabi, may lalabas na pagbabago sa mga kinikilos at kakaibang saloobin sa pang-araw-araw na pamumuhay ang inyong anak. Gamitin ito upang malaman kung may pagbabago ba sa kalagayan ng inyong anak. Makikita din ito sa homepage ng inyong school at gamitin kung may kakaiba kayong napapansin.

**Kung mapansin na 「Aba ? hindi kaya…」**

- Kausapin ang inyong anak at pakinggan ang kanyang mga saloobin. Mahalaga na magkaroon ang inyong anak ng saloobin na 「pakikinggan ako」 「tatanggapin at mauunawaan ako」 .
- Kahit mukhang kakaiba huwag tatanungin ng malalim at huwag madaliin ang sagot.
- Kahit ano ang mangyari, sabihin sa inyong anak na 「bibigyan ng proteksyon」 at 「siguradong tutulungan」
- Huwag sabihin sa anak ang mga sumusunod:  
「huwag mong pansinin」 「walang kuwenta」 「may mali ka din」  
「ang nabu-bully ang may kasalanan」 「mahina ka kasi kaya nabu-bully」
- Huwag sarilinin sa pamilya ang problema, kumunsulta sa school o sa mga consultation counter sa ibaba

**Tumawag sa Higasiyama elementary School (☎ 80-7581)**

**【Toyota City Consultation Counters】**

- \* PARC Toyota Consultation Center パルクとよた相談部 ☎0565-33-9955 (月~土 9:00~17:00)
- \* Toyota Childrens' Rights consultation center とよた子どもの権利相談室 ☎0120-797-931  
(W・Th・S・Su 13:00~18:00、F 13:00~20:00)
- \* Heartline Toyota はあとラインとよた ☎0565-31-7867 (M~S 9:00~17:00)